The City of SAN DIEGO

**Environmental Services Department**

**PAKSA: MAHALAGANG PAALALA:** Ang Ari-arian Mo ay ***Hindi*** Kwalipikado para sa Serbisyo ng Pagkolekta ng Basura ng Tinitirahang Ari-arian ng Lungsod ng San Diego. **Kailangan ng Aksyon** para Lumipat sa Pribadong Prangkisa ng Paghahakot.

Minamahal na May-ari ng Ari-arian:

Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Lungsod ng San Diego na pagbutihin ang mga serbisyo sa pamamahala ng basura at tiyaking nasusunod ang mga regulasyon ng Lungsod, sumulat kami para ipaalam sa iyo na **ang ari-arian na nakalista sa ibaba ay kamakailang natukoy na hindi kwalipikado** para sa serbisyong pagkolekta ng basura ng tinitirahang ari-arian na ibinibigay ng Lungsod ng San Diego.

**(ADDRESS NG TIRAHAN)**

Patuloy na sinusuri ng Lungsod ang impormasyon ng mga ari-arian at mga kundisyon ng serbisyo bilang bahagi ng pagpapatupad ng mga na-update na kinakailangan para sa pagkolekta ng basura ng tinitirahang ari-arian. Batay sa pagsusuring ito, natukoy na ang ari-arian mo ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pagkolekta ng basura ng mga kawani ng Lungsod na inilalarawan sa ibaba. Pakisunod ang mga tagubiling nakasaad sa liham na ito upang matukoy at makatiyak ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Solidong Basura sa isang pribadong prangkisa ng paghahakot na aprubado ng Lungsod sa loob ng 60 araw.

*Itinatakda ng Ordinansa ng Lungsod na "hindi bababa sa isang beses kada linggo, ang mga kawani ng Lungsod ay mangongolekta at maghahatid ng solidong basura ng tinitirahang ari-arian para sa paglilipat, pagbyahe, at pagre-recycle o pagtatapon at maaaring maningil ang Lungsod ng bayaring pangbawi ng gastos, alinsunod sa pinahihintulutan ng batas, para sa lahat ng serbisyong may kaugnayan sa pamamahala ng solidong basura." (66.0127). Ipinaliwanag pa ng Ordinansa na "ang solidong basura ng tinitirahang ari-arian ay tumutukoy sa solidong basura, ng uri at dami na karaniwang nalilikha ng isang tinitirahang ari-arian, na inilalagay sa itinalagang lugar ng pagkolekta sa gilid ng kalsada ng pampublikong daan o pampublikong eskinita ng Lungsod sa isang inaprubahan ng Lungsod na kalsada sa*

*pagkolekta ng lalagyan sa itinalagang araw ng koleksyon" at na "ang tinitirahang ari-arian ay tumutukoy sa isang tinitirahang ari-arian ng isang pamilya o isang tinitirahang ari-arian ng maraming pamilya, na may hanggang apat na tirahan sa isang lote, na nakakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa koleksyon ng mga tauhan ng Lungsod."*

**Paano ko malalaman kung ang aking ari-arian ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pagkolekta ng mga kawani ng Lungsod?**

Ang mga kwalipikadong ari-arian ay dapat matugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

- Mga tinitirahang ari-arian na may isa hanggang apat na tirahan sa isang lote. Para sa kahulugan ng **Lote**, pakitingnan ang Mga Regulasyon sa Pamamahala ng Basura: https://www.sandiego.gov/sites/default/files/2025-11/waste-management-regulations-c-010-25.pdf
- Mga ari-ariang **hindi** halo-halo ang paggamit o mga ari-ariang komersyal.
- Mga ari-ariang matatagpuan sa pampublikong kalsada at naseserbisyuhan sa isang pampublikong kalsada.
- Mga ari-ariang may sapat na espasyo para ilagay ang mga lalagyan na kailangan upang mailagay ang lahat ng basura, nare-recycle, at organikong basura na naiipon ng ari-arian sa pagitan ng mga pagkolekta.

**Paano ko malalaman kung ang aking ari-arian ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pagkolekta ng mga kawani ng Lungsod?**

Kasama sa mga hindi kwalipikadong ari-arian ang:

- Mga tinitirahang ari-arian na may lima o higit pang tirahan sa isang lote.
- Halo-halo ang paggamit at mga ari-ariang komersyal.
- Mga ari-ariang matatagpuan sa mga pribadong kalsada o nasa loob ng nababakurang komunidad.
- Mga ari-arian na ang access ay nangangailangan ng pagtawid sa isang pribadong kalsada, o siniserbisyuhan sa isang pribadong kalsada, kahit pa ang address ng ari-arian ay nasa isang pampublikong kalsada.
- Mga ari-arian na walang sapat na espasyo para paglagyan ng sapat na lalagyang ibinigay ng Lungsod na kailangan upang mailagay ang lahat ng basura, nare-recycle, at organikong basura na naiipon ng ari-arian sa pagitan ng mga lingguhang pagkolekta.
- Mga ari-arian sa loob ng isang housing complex kung saan ang ilan sa mga ari-arian ay hindi nakakatugon sa mga kwalipikasyon ng Lungsod. Upang maging kuwalipikado para sa serbisyo ng Lungsod, lahat ng ari-arian sa loob ng isang complex ay dapat kuwalipikado.

Ipinapakita ng aming pagsusuri na ang iyong ari-arian **ay hindi kuwalipikado** para sa mga serbisyong pagkolekta ng basura na ibinibigay ng Lungsod, kaya't **kailangang magparehistro sa isang pribadong Prangkisa ng Serbisyong Paghahakot na Inaprubahan ng Lungsod para sa serbisyo ng pagkolekta ng basura, nare-recycle, at organikong basura sa loob ng <u>60 araw</u> mula sa pagtanggap ng liham na ito.**

Kung naniniwala ka na ang iyong ari-arian ay nakakatugon sa **lahat** ng pamantayan para sa serbisyo ng pagkolekta ng Lungsod na nakalista sa itaas, pakibisita ang **sandiego.gov/trash** upang magsumite ng Apela sa Pagiging Kwalipikado. Kung ang iyong ari-arian ay nakarehistro na sa pagkolekta ng basura, nare-recycle, at organikong basura sa isang Prangkisa ng Paghahakot, walang kinakailangang aksyon.

**Mga Susunod na Hakbang**

Upang masiguro ang maayos na paglipat, pakisunod ang mga sumusunod na hakbang:

**1. Suriin ang Bawat Prangkisa ng Paghahakot at Mga Inaalok na Serbisyo**

Pakitingnan ang nakalakip na listahan ng mga Prangkisa ng Paghahakot na inaprubahan ng Lungsod. Hinihikayat kang makipag-ugnayan sa higit sa isang Prangkisa ng Paghahakot upang matukoy kung alin ang pinakaangkop para sa iyong ari-arian. Kung ang iyong ari-arian ay bahagi ng isang homeowner association (HOA), pakikontak ang HOA board upang maiayos ang koordinasyon ng mga serbisyong pagkolekta ng basura.

**2. Pumili ng isang Prangkisa ng Paghahakot at Magtatag ng Serbisyo ng Pagkolekta ng Basura**

Magtatag ng mga serbisyo para sa basura, nare-recycle, at organikong basura sa isang Prangkisa ng Paghahakot at tukuyin ang petsa ng pagsisimula ng serbisyo. Upang sumunod sa Ordinansa sa Pag-recycle ng Lungsod Mga Patnubay sa Lalagyan at Karatula, kailangan kang mag-subscribe sa sapat na serbisyo ng pagkolekta upang hindi umapaw ang mga lalagyan at magamit nang tama nang walang kontaminasyon.

**3. Iwan ang mga Lalagyan ng Lungsod sa Itinalagang Lugar ng Pagkolekta sa Araw ng Pagsisimula ng Bagong Serbisyo sa Prangkisa ng Paghahakot**

Sa linggo ng paghahatid ng mga bagong lalagyan ng Prangkisa ng Paghahakot, pakisiguro na ang lahat ng lalagyan ng Lungsod ay maiiwan sa isang madaling mapuntahang lokasyon matapos ang pagkolekta sa loob ng hindi bababa sa 48 oras upang mapadali ang pagpapalit ng lalagyan. Ang iyong bagong Prangkisa ng Paghahakot ang maghahatid ng mga bagong lalagyan at mag-aalis ng mga lalagyan ng Lungsod.

**4. Ipagbigay-alam sa mga Residente at Nangungupahan ang Paparating na mga Pagbabago**

Kung ang iyong ari-arian ay tinitirahan ng iba, mahalagang ipabatid ang mga update tungkol sa mga serbisyong pagkolekta ng basura sa mga residente o nangungupahan, kabilang ang petsa ng pagsisimula ng bagong serbisyo, bagong araw ng pagkolekta, at mga pinakamahusay na kasanayan sa pagre-recycle.

**Mga Mapagkukunan at Tulong**

- Manatiling naka-update sa mga paparating na workshop at webinar at hanapin ang mga fact sheet ng paglilipat, mga opsyon ng kuwalipikadong tagahakot, madalas itanong na mga tanong (FAQ), at iba pang mapagkukunan sa **sandiego.gov/trash.**

- Bisitahin ang SDRecyclingWorks.com para sa impormasyon tungkol sa pagsunod sa Ordinansa sa Pag-recycle ng Lungsod at Mga Patnubay sa Lalagyan at Karatula.

- Para sa mga tanong o karagdagang tulong, kontakin ang City of San Diego Environmental Services Department sa **619-533-4440** or **wasteservice@sandiego.gov.**

**I-scan Para sa mga available na wika:**

**Espanol – Tagalog – Tiếng Việt**

Nauunawaan namin na ang paglipat sa bagong serbisyo ng pagkolekta ng basura ay maaaring maging isang pagbabago, at kami ay nakatuon na suportahan ka sa prosesong ito. Pinahahalagahan namin ang iyong pakikipagtulungan habang aming tinitiyak ang pagtugon sa mga kinakailangan ng Lungsod. Salamat sa iyong pakikipagtulungan sa paglikha ng mas malinis at mas luntiang San Diego.

Lubos na gumagalang,

City of San Diego Environmental Services Department